

# Humingi ng tulong sa pagbabayad sa Medicare

Tingnan kung kwalipikado ka para sa Medicare Savings Program at/o sa Karagdagang Tulong!

## Dalawang programa na makakatulong sa iyo na makatipid sa Medicare

Kung nagpatala ka sa Medicare, puwede kang maging kwalipikado sa mga programa para tulungan kang makatipid ng pera, mayroon ka mang Original Medicare o Medicare Advantage plan -- at madali lang mag-apply:

### 1. Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare

Kung kwalipikado ka, maaaring saklawin ng Medicare Savings Programs ang:

- Mga premium ng Part A
- Mga copayment ng Medicare
- Mga premium ng Part B
- Mga ibabawas ng Medicare

### Tulong ng Medicare Savings Programs para sa mga gastusin sa Part A at Part B ng Medicare (May-bisa mula Abril 1, 2024)

	SAHOD na mas mababa sa:
Indibidwal na walang asawa	\$1,752 kada buwan
	\$21,024 kada taon
Mag-asawa	\$2,371 kada buwan
	\$28,452 kada taon

**TANDAAN:** Walang pagsusuri ng mapagkukunan/ari-arian para sa mga MSP. Nangangahulugan ito na hindi ka hihilingan na i-verify ang anumang mapagkukunan tulad ng mga natitirang ipon sa bangko.

### 2. Karagdagang Tulong (tinatawag din na Suporta para sa May Mababang Kita o Low-Income Subsidy)

Kung kwalipikado ka, sasaklawin ng Karagdagang Tulong para sa Part D ng Medicare ang pagsaklaw sa iniresetang gamot:

- Mga Premium
- Ilang gastusin sa copay
- Mga Ibabawas
- Donut hole/pagsaklaw sa butal

### Karagdagang Tulong para sa Part D ng Medicare

(May-bisa mula Pebrero 2024)

	SAHOD na mas mababa sa:	MGA ARI-ARIAN na mas mababa sa:
Indibidwal na walang asawa	\$1,903 kada buwan	\$17,220
	\$22,836 kada taon	
Mag-asawa	\$2,575 kada buwan	\$34,360
	\$30,900 kada taon	

**TANDAAN:** Ang mga taong nagtatrabaho ay maaaring magkaroon ng mas mataas na kita kaysa sa ipinapakita ng mga chart na ito. Para sa parehong programa, hindi kasama sa mga ari-arian ang bahay kung saan ka nakatira at isang kotse.

### Gusto mo bang mag-apply o kailangan ng higit pang impormasyon?

Tumawag sa aming Hotline ng Konsyumer ng Seguro sa: 1-800-562-6900

Hilingin na makausap ang isang nagboluntaryo sa Mga Tagapayo ng mga Benepisyo sa Pangkalusugang Insurance sa Buong Estado (Statewide Health Insurance Benefits Advisors, SHIBA) sa iyong lokal na county - libre ang aming serbisyo at walang kinikilingan.

Maaari mo rin kaming bisitahin sa web: [www.insurance.wa.gov/shiba](http://www.insurance.wa.gov/shiba)

### Kailangan ng tulong sa iba pang wika?

Mayroon kaming kawani na nagsasalita ng:

- Espanyol
- Filipino/Tagalog

Baka mayroon kaming mga nagboluntaryo sa SHIBA sa iyong lokal na lugar na nagsasalita ng iba pang wika maliban sa English.

Ginagamit din namin ang Language Link®, isang serbisyo ng interpreter sa telepono para sa higit sa 150 na mga wika.

## Mga benepisyong pang-iwas ng Part B ng Medicare

Kung mayroon kang Part B ng Medicare, samantalahin ang ilan sa mga benepisyong pang-iwas ng Medicare nang walang babayaran. Narito ang ilan lamang sa mga serbisyong pang-iwas na iniaalak ng Medicare:

- Taunang pagbisita para sa Wellness
- Pagsukat ng bigat ng buto
- Pagsusuri para sa breast cancer
- Pagsusuri sa puso
- Pagsusuri para sa colorectal cancer
- Pagsasanay para sa sariling pangangasiwa ng diabetes
- Mga bakuna laban sa trangkaso
- Pagsusuri para sa breast cancer para sa breast cancer at pagpapayo sa sobrang katabaan
- Pagpapayo para sa paghinto sa paninigarilyo at paggamit ng tabako

Tingnan ang Medicare.gov o ang iyong libro na Medicare & You para sa buong listahan ng mga benepisyong pang-iwas.

**TANDAAN:** Ang mga karagdagang pagsusuri o serbisyo ng provider ay maaaring magdagdag ng mga gastos. Dapat mong matugunan ang mga pamantayan ng pagsaklaw, kaya siguruhing sumangguni ka sa iyong medikal na tagapagbigay para sa karagdagang impormasyon bago mo gawin ang mga ito o iba pang pagsusuri at serbisyo.

## Tungkol sa SHIBA

Ang SHIBA ay bahagi ng mga serbisyong pangprotekta sa konsumer ng Washington state Office of the Insurance Commissioner (Tanggapan ng Commissioner ng Insurance sa estado ng Washington). Nagbibigay kami ng libre, walang kinikilingan at kumpidensyal na tulong gamit ang Medicare at mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi kami nagtitinda ng kahit ano.

**Tumawag sa amin ngayon!**

**1-800-562-6900**

**[www.insurance.wa.gov/shiba](http://www.insurance.wa.gov/shiba)**



Ang publikasyong ito ay nilikha o ginawa ng estado ng Washington na may tulong pinansyal, sa kabuuan o sa bahagi, sa pamamagitan ng mga pondo mula sa Administrasyon ng U.S. para sa Pamumuhay sa Komunidad.

Nirebisa noong 3/2024